**PANDIBISYONG MEMORANDUM Blg. 095**

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe, Kurikulum/ Pamumuno at Operasyon
Tagamasid sa Filipino
Punongguro/Nakatalagang Guro/Ulongguro/Dalubguro
Mga Guro sa Filipino

Buhat kay: **CATHERINE P. TALAVERA, PhD**
OIC, Tagpapamanihala ng mga Paaralan

Paksa: **ULIRANG GURO SA FILIPINO 2017NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

---

Ipinababatid ang pagtatampok ng **Ulirang Guro sa Filipino 2017** ng Komisyon sa Wikang Filipino na may Pangkagawarang Memorandum Blg. 31, s. 2017. Ang Ulirang Guro ay taunang gawad na ibinibigay ng KWF sa mga natatangi at karapat-dapat na guro sa Filipino sa bawat rehiyon o probinsiya sa buong bansa.

Ang timpalak ay bukas sa mga guro sa Filipino at mga gurong nagtuturo ng ibang disiplina gamit ang wikang Filipino, sa mga pampubliko at pampribadong paaralan.

Hinihikayat ang mga paaralang lumahok sa patimpalak na ito. Ang mapipiling Ulirang Guro sa Filipino ng bawat paaralan ay maglakip ng pag-iindorso ng inyong Punongguro, ipapadala ang pangalan at lahat ng kinakailangang dokumento bago dumating ang **ika-5 ng Mayo** kay: **ATENSIYON: CHRISTIAN J BABLES** – EPS Filipino para sa pagsasaayos ng mga kinakailangan sa pagsali.

Kalakip nito ang kalatas sa nasabing gawain.

Ang madalian at malawakang pagpapaparating sa kinauukulan ng Memorandum na ito ay inaasahan.

CID/FILIPINO-DM 095 /03-29-17 **ULIRANG GURO SA FILIPINO 2017**

